

Chapter One



Excited na lumabas si Corinne mula sa bangko matapos ipa-encash ang chekeng kinuha niya sa dating pinapasukang opisina.

“Hay, freedom!” Corinne whispered to herself. Ang totoo, gusto niyang ipagsigawan iyon pero alangan namang gawin niya iyon sa kalagitnaan ng business district ng Makati. Tiyak na mapagkakamalan siyang baliw.

Hindi niya alintana ang init. It was almost three o'clock in the afternoon but she felt like a new day had just dawned on her. Masaya siya sa araw na iyon dahil sa wakas ay nakuha na niya ang kanyang back pay. May ipambabayad na siya sa mahadera niyang landlady. May ipapadala na rin siya sa nanay niya sa probinsya. At may panggastos na siya habang naghahanap ng bagong trabaho.

Corinne smiled to herself. She decided she deserved a treat. Coffee, then massage! Why not? Naglakad siya hanggang sa isang coffee shop Jupiter Street.

Pagpasok pa lang ay nalanghap na ni Corinne ang aroma ng kape. Ito na ang kanyang pinaka-reward sa sarili. Pati cake! Pag nasa coffee shop kasi siya, panandalian niyang nakakalimutan ang mga

problema. Nitong mga nagdaang buwan, sobrang ilap sa kanya ng magagandang opportunities. Sa edad niyang twenty-five, hindi ba dapat ay malayo na ang nararating niya? Pero parang wala pa ring nangyayari sa kanyang buhay. Hanggang ngayon, hindi pa rin siya nakakaahon sa hirap.

Ni hindi siya nakaipon ng pambili ng sasakyan. Sawang-sawa na kasi siyang mag-commute at makipagsiksikan sa *MRT*. Nakakasawang maging mahirap. Nakakapagod. Pero kinokonsola niya ang sarili sa pag-iisip na yayaman din siya tulad ng iba. Matalino siya, masipag, maganda. Graduate siya ng *UP*. Kahit hindi siya naging *cum laude* dahil pahinto-hinto siya sa pag-aaral, sure na sure siya noon na maganda ang bukas na naghihintay sa kanya. Akala lang pala niya iyon!

Ang masakit ay ang katotohanang kahit preferred ang unibersidad na pinagtapusan ni Corinne, maliit lang din pala ang sahod. Sapat lang para buhayin ang isang single na tulad niya. Ngunit may extra kamalasan yata siyang bitbit, dahil hindi siya tumatagal sa isang trabaho.

Ipinilig niya ang ulo, trying to brush away the thoughts. Ayaw niya munang isipin ang mga bagay na iyon, kaka-depress. Sayang ang ambiance sa *Starbucks* kung magmumukmok lang siya sa kanyang kapalaran.

Maaga pa kaya mangilan-ngilan pa lang ang

tao sa coffee shop. Mabilis na pumila si Corinne at nakangiting sinabi ang order sa barista.

“One grande iced white choco mocha and a slice of cheesecake. Will that be all, Ma’am?” kumpirma ng nasa cashier sa order niya.

“Yes, please,” nakangiting sang-ayon niya. Nang sabihin ng barista kung magkano ang babayaran ay kinuha ni Corinne ang wallet mula sa kanyang bag.

“Sh*t!” mahinang usal niya, panic gripping her heart. Hindi niya maapuhap sa bag ang wallet! Sa kapal niyon dahil sa laman, imposibleng hindi niya iyon makapa.

Could it be that... nanakawan siya nang hindi niya nalalaman? No! Nalaglag somewhere? Naiwan niya sa bangko? Ganoon na ba siya katanga o kamalas?

Naglalaro na sa isip niya ang mga posibilidad kung bakit hindi niya mahagilap sa bag ang wallet. She continued searching.

Think positive, Corinne! tahimik niyang kumbinsi sa sarili.

Isa-isa niyang inilabas ang mga gamit—kikay kit, isang maliit na notebook, payong, hand spray—pero walang wallet! Nang baligtarin niya ang bag ay saka niya nakita ang sagot. Sa halip na wallet ay isang mahaba ngunit manipis na laslas sa tagiliran ng bag ang bumulaga sa kanya.

Oh my God! It can't be!

Nanlumo si Corinne sa natuklasan. Her back

pay! Her hard-earned money, all gone! She wanted to cry. Kasunod niyon ay pagkapahiya ang lumukob sa kanya dahil paano ba niya sasabihin sa barista na nawawala ang wallet niya?

Pero hindi na niya kailangan pang isatinig ang anuman dahil doon siya mismo sa counter naghalungkat ng bag. Siguradong alam na nito kung ano ang problema. Sympathetic ang mukha ng barista nang sa wakas ay harapin niya ito. Hindi na siya nag-attempt na kapain ang bulsa dahil hindi niya ugaling magbulsa ng pera kahit barya. At alam niyang hindi aabot ng beinte pesos ang barya sa kanyang coin purse.

“Pa-cancel na lang ng order ko, Miss. Mukhang nadukutan ako. Pasensya na.” Mahina ang tinig ni Corinne, hindi lang dahil sa pagkapahiya kundi dahil talagang nawalan siya ng lakas.

Buti kung umabot hanggang Quezon City ang barya niya. Pati *MRT* card niya ay nasa wallet na nawala. Not to mention her IDs.

So much for freedom. She was doomed! “Sh*t!” she cursed again under her breath.

“It’s okay, I’ll pay. Magkano ba?” She was about to start her self-pity party while walking away from the counter nang marinig ang boses na iyon.

Nilingon ni Corinne ang nagsalita.

“Ahm, two hundred eighty pesos po, Sir Lance,” sagot ng barista.

Pero sa kausap na nito nakatuon ang pansin

ni Corinne. A tall, dark, but not so handsome guy who was probably behind her the whole time to have witnessed her ordeal was now handing a five hundred peso bill to the girl.

“Here, pasama na rin ng isang tall Americano.”

Tumalima ang barista. Nanatiling nakamasid si Corinne sa lalaki. Ni hindi siya makaapuhap ng sasabihin dito. Hindi niya alam kung manliliit sa hiya o magpapasalamat sa ginawa ng lalaki.

“Nananaginip ba ako?” wala sa sariling tanong niya sa hangin. Nawi-weird-uhan na tinapunan siya ng tingin ng lalaki. Then, he smiled gently, still looking at her.

“Bakit, tulog ka ba? Tara, doon tayo,” turo nito sa couch sa sulok.

“Ha, eh... take out lang sana ako.” Walang maapuhap na sagot si Corinne para makaiwas sa lalaki. Malay ba niya kung ito ang dumukot sa wallet niya kaya naawa nang bahagya at inilibre siya? Ano ba naman ang presyo ng kakainin niya kumpara sa twenty-five thousand pesos na back pay niya?

“Take out? Tsk, tsk. You’re a lousy liar, Miss. Nadukutan ka, di ba? Mukha kang lutang kaya mas maganda kung umupo ka muna para makapag-isip. Tara na, hindi ako masamang tao. I even paid for your coffee and your cake.” Pagkatapos ay nauna na itong maglakad patungo sa couch na tinuro.

Tila robot na sumunod na lang si Corinne. Mainam na rin sigurong makaupo muna nga siya

para mahimasmasan.

Nang tawagin ang pangalan ng lalaki ay tumayo ito at kinuha ang kanilang order. Pagkatapos ay nakangiti nito iyong isinilbi sa kanya.

“Your grande iced white choco mocha and cheesecake.”

“Salamat,” mahinang usal niya, hindi pa rin masuklian ang ngiti nito.

“What’s your name, Miss?” he asked.

“Corinne.”

“Hi, Corinne! Ako si Lance,” sabi nito habang naka-extend ang palad sa kanya.

Corinne shook his hand half-heartedly, nasa nawalang pera pa rin ang isip. Ni hindi siya nakatingin sa kausap. Hindi pa rumerehistro sa isip niya na pag tinitigan, hindi pala ‘not-so-handsome’ ang hitsura ng lalaki. Kung hindi lang lutang si Corinne, siguradong mapapansin niya ang pangahang mukha nito, ang makapal na kilay, at ang pilyo ngunit karismatikong ngiti. Kung hindi lang okupado ang isip niya sa mga sandaling iyon, baka kiligin siya sa pagtitig sa mga mata ni Lance. At kung hindi sana siya nadukutan, she’d have noticed that he looked so ruggedly fresh in his white shirt and khaki shorts.

“I heard,” she said. “Kilala ka ng barista, lagi ka siguro dito.” Pagkatapos ay marahan siyang sumimsim ng inumin. She would normally revel in the taste of her first sip pero hindi niya iyon maisip

sa ngayon.

“You can say that. This is where I conduct my business, minsan tambayan na rin to get my caffeine fix.”

“Business?” Hindi namalayan ni Corinne na nakaarko ang isang kilay niya.

Natawa si Lance sa reaction ng babae. “Yes, Corinne. I do business, but not today. Kaya naka-pambahay ako. Isa pa, I live nearby. I actually just planned on getting my coffee but since mukhang kailangan mo ng kausap at wala naman akong gagawin, might as well stay and chat for a while.”

Lalong umarko pataas ang kilay ni Corinne. Live nearby daw. *Bel-Air, gan'un? Hmp! Unfair talaga ang life!*

“Ano ba'ng negosyo mo?” tanong niya, which was normal for her, likas siyang mausisa. Isa pa, n-curious siya bigla sa kausap. Or if she must admit, she felt a slight pang of envy.

Nagkibit-balikat si Lance. “Well, I'm into a number of businesses. May office ako pero I prefer here, para mas relax. Plus, my friend owns the place, so support na rin sa kanya.” He answered all her questions as though he were talking to a child. Para kasing lutang pa rin ang babae kahit nakikipag-usap sa kanya.

Sabagay, ikaw ba naman ang madukutan? Lance wondered how much she lost. Or what that money meant to her, because she seemed devastated, as if

her very life depended on it.

“Ilang taon ka na, Lance?” muling tanong nito. He found the question odd pero sinagot niya iyon.

“Thirty-one. Ikaw?”

Gustong mapamura ni Corinne sa narinig. Parang gusto nga rin niyang murahin ang kaharap. He was thirty-one, just six years her senior, and yet their lives were miles apart! Life is a bitch talaga! It sucks! At least, for her. Pero bakit sa iba, sa lalaking ito, bakit parang ang bait ng kapalaran? Hindi ba siya deserving ng magandang buhay?

Mayamaya ay naramdaman ni Corinne na nangingilid na ang luha sa mga mata niya.

Oh my God! Talaga bang maiiyak pa siya dito sa harap ng lalaking naglibre sa kanya? Bakit ganoon? Kanina lang ay kay ganda ng araw? Bakit biglang naging madilim ulit? Ano iyon, pinatikim lang siya, ipinahawak lang iyong pera sa kanya pagkatapos kukunin din agad?

Gusto niyang magpapadyak sa frustration. She couldn't even afford to buy herself a cup of coffee!

Nag-panic naman si Lance nang makitang babagsak ang luha ng babae. Nobody prepared him for a situation like this. Sanay siya sa mga pekeng iyak, iyong mga pakunwaring arte ng mga nakaka-fling niya para hindi niya hiwalayan. But those tears never worked on him. At alam niyang hindi crocodile tears ang nagbabanta mula sa mga mata ni Corinne.

Shit, tumulo na! “Hey, hey! Don’t cry, please. Baka akalain nila kung ano’ng ginagawa ko sa ’yo,” natatarantang sabi ni Lance habang nag-aabot ng tissue sa babae. He even leaned closer para aluin ito.

Tinanggap ni Corinne ang tissue para punasan ang kumawalang luha. Ngunit sa halip na matigil ay lalong nag-unahang tumulo ang mga iyon. Kiber ba niya sa iisipin ng mga tao, o ni Lance. She needed to cry.

Walang maapuhap sabihin si Lance kaya pinanood na lang niya ang babae hanggang sa mahimasmasan ito. He felt a certain degree of protectiveness over her. Parang gusto niya itong ikulong sa mga bisig at patahanin, tell her that things would be alright, that she could lean on him for the moment.

But of course, he didn’t. Baka pagkamalan pa siyang maniac nito. Isa pa, hindi talaga sila magkakilala so parang off ang dialogue na naglalaro sa isip niya. He decided mas okay manahimik. Pagkatapos ng ilang sandali ay tila nahimasmasan na ulit si Corinne.

“Sorry, drama queen yata talaga ang peg ko these days,” she said before gently blowing her nose in front of him.

He found that amusing. Sabagay, ngayon pa ba ito mahihiya sa kanya?

“Well, hindi ako mahilig sa drama, pero puwede kang mag-share sa akin. Sabi ko nga, wala akong

ibang gagawin ngayon.”

Tinapunan ito ng tingin ni Corinne. She was weighing whether to share or not. Sino ba itong lalaking ito at bakit siya magkukuwento rito? Pero kailangan niya ng kausap sa mga oras na ito. Ano ba naman iyong magkuwento siya? Hindi naman na sila magkikita ulit. Ngayon pa ba siya mahihiya pagkatapos niyang magpalibre ng kape at cake at umiyak sa harap nito?



Chapter Two



“I saw you enter the store. You looked so certain of yourself. Magkasunod lang tayong pumasok at pumila. Sa ganda ng mood mo, ni hindi mo ako napansin. Then, life handed you a very sour lemon. I understand hindi biro ang madukutan and I don’t underestimate the gravity of your situation. But what happened to that girl I just saw earlier? Susuko ka na ba sa lemon mo?”

“Wow ang dialogue mo, Lance. Pero this lemon you’re talking about? It tastes like shit.”

“Hey, lady, watch your language. Hindi bagay sa ’yo. Anyway, nakatikim ka na ba ng shit?”

“Hindi pa.”

“See? You don’t even know how it tastes like!”

Corinne rolled her eyes, di makapaniwalang pinagtatalunan nila ang lasa ng tae habang nagkakape.

“I don’t need to actually taste it para malaman kong hindi ko gusto ang lasa,” she argued.

“My point is things could have been worse. At least, lemon lang ang ibinato sa ’yo ni Life, hindi tae!”

“Shh! Ang ingay mo naman,” saway ni Corinne. Natawa si Lance nang ma-realize na may ilang

taong napalingon sa kanila.

“Anyway, let me hear your story. Come on, ako ang magde-decide kung papasang shit ang nangyari sa 'yo.”

Corinne rolled her eyes again. Did he really expect her to confide in him? Actually, she was warming up to this guy. Kahit ngayon lang sila nagkakilala, she felt safe with him, at ease. He was proving to be a convenient soundboard. So, she spent the next hour spilling her story to Lance.

Matamang nakikinig ang lalaki, paminsan-minsang nagtatanong.

Naikuwento na niyang kaya siya nag-resign ay dahil maniac ang kanyang supervisor at ilang beses nang muntik manganib ang puri niya rito. Pero nang isumbong niya sa department head nila ay ang supervisor pa niya ang kinampihan. Na baka daw nagpapakita siya ng motibo. Pagkatapos ay napag-alaman niyang threatened sa kanya ang nasabing department head dahil matalino siya at pakitang-gilas. Kumbaga, ayaw nito ng kakumpetensya.

Naikuwento na rin niyang solong anak siya ng kanyang nanay at tatay pero may kapatid siya sa nanay. Na patay na ang kanyang ama at may ibang pamilya na ang ina. Na hindi niya ka-close ang pamilya ng huli kaya naisip niyang subukan ang kapalaran sa Maynila.

Nabanggit na rin niyang sa Quezon City siya

umuupa dahil mas mura roon kumpara sa Makati at dahil doon din siya nag-aral. Na kaga-graduate lang niya two years ago dahil self-supporting siya.

“So, what’s shitty about that? Hindi lang ikaw ang ganoon ang buhay.”

“Easy for you to say, nakakapagod kaya. Pakiramdam ko mahirap pa ako sa daga. Hanap ako nang hanap ng trabaho, puro na lang ‘we’ll call you’ ang naririnig ko. ’Tapos ’yung back pay ko na sobrang tagal kong inantay at sobrang kailangan ko nanakaw pa! Alam mo ano’ng nakakaiyak na part?”

“Go on.”

“Yung sa araw na nadukutan ka ay may makikilala kang tulad mo na super yaman at may equally rich ding kaibigan, ibibili ka ng kape, at sa harap ka pa talaga niya maiiyak!”

“I don’t really see that as negative.”

“Maybe, just adding insult to injury lang. Heto ka, matanda ka lang nang konti sa akin pero sobrang layo ng agwat natin. Ikaw mayaman, ako super hirap.”

“Hindi kaya ako mayaman,” tanggi nito.

“Ha? Eh, ano ka, middle class, gan’un?”

“Hindi ako mayaman, Corinne, super yaman ko.”

Toinks! Batukan kaya niya ang kausap? “Hindi ka rin mayabang, ’no?”

“I’m just saying.”

“Fine! Ikaw na ang super yaman. Kaya nga ako naiyak kanina, pakiramdam ko super unfair. Ako

na nga ang mahirap, ako pa ang nadukutan. "Tapos ikaw, heto pakape-kape. Minsan try mong maging super mahirap para naman maintindihan mo ako. I bet ni hindi mo nasubukang magtrabaho n'ung nag-aaral ka pa. Eh, ako lahat na yata ng puwedeng part-time na trabaho napasok ko," kuwento pa niya. "Nakakadismaya, akala ko pag nakahanap ako ng magandang trabaho, yayaman na ako."

"You are so naïve, Corinne," he said.

Natigilan siya. Iniinsulto ba siya ng lalaki?

"Thank you, ha?" pagsusungit niya.

"No, don't get me wrong. I mean, ang dami mo pang dapat matutunan. I can feel your desire to make it pero hindi ganoon kasimple ang pagyaman. What's good is the fact na may mga pangarap ka. At buhay pa ang mga pangarap mo. Ano'ng plano mo ngayon?"

"Honestly, hindi ko alam. Ang dami kong dapat bayaran. Ni hindi ko alam paano ko babayaran 'yung landlady ko. Unless papautangin mo 'ko," biro niya.

Natawa si Lance. Mukhang okay na ang dalaga, nakakapagbiro na.

"Hindi ko ugali ang magpautang."

"Ito naman, joke lang iyon. Hindi ko rin ugali ang mangutang. Napipilitan lang ako pag ganitong gipit." Bahagyang napahiya si Corinne. Baka isipin ni Lance, abusada siya. She felt herself blush.

Bagay na hindi nakalagpas sa paningin ni Lance. "I don't normally offer this pero kung seryoso ka sa

mga pangarap mo, tuturuan na lang kitang gumawa ng pera.”

Walang maapuhap na sagot si Corinne sa narinig. Ano daw gagawin nila? Did she hear him right? Sindikato ba si Lance? Tila hindi napansin ng lalaki ang bahagyang pagkaalarma niya.

He kept on. “I want to offer you a ride home, but I really need to get going. Here’s my card. Tawagan mo ako o i-text kung interesado ka sa offer ko. I see you still have your cell phone,” he said, eyeing her *iPhone*.

Iba ang tinging ipinukol ni Lance doon, as though he disapproved of the gadget, tuloy awtomatikong napahigpit ang hawak ni Corinne sa kanyang cell phone. Laking pasalamat niya na wala iyon sa bag niya at hindi nasama sa nadukot sa kanya.

“And here, take this,” ani Lance, iniaabot ang isang libong bill kasama ng card. May sasabihin pa sana si Corinne ngunit maagap ang lalaki. “Don’t take this as an insult. You need this right now. I could give you more, pero alam ko na your pride won’t allow you to accept more than this. If you prefer, utang ito. Bayaran mo pag nakaluwag ka. Here, huwag ka nang maarte.”

Sinimangutan niya si Lance sa huling tinuran nito. Pero nakangiti ang lalaki, mukhang nagmamagandang-loob lang talaga. At kahit sobrang nakakahiya ay walang choice si Corinne nang mga

sandaling iyon. If guardian angels were true, Lance must be one of hers.

“Hmp! All right, tatanggapin ko ito. Pero utang ito, ha, babayaran kita,” she declared, her voice laced with pride para pagtakpan ang pagkapahiya.

Muling gumuhit ang ngiti sa mga labi ni Lance. “I know, I just said that, di ba? Hindi ba puwedeng mag-thank you ka na lang?”

She pouted once more. But she sincerely whispered, “Thank you.”

Pagkatapos ay tumalikod na si Lance at tuluyang lumabas ng coffee shop.



What the hell just happened there? tanong ni Lance sa sarili habang nagmamaneho pabalik ng bahay. He needed to change clothes. It was already six p.m. and he was running late for an appointment. Napasarap ang kuwentuhan nila ni Corinne. Ang totoo, hindi siya ganoong tao. He was generous in his own way—he’d give to charities, he’d donate to foundations, but he didn’t normally spend time with people who needed attention or advice. Mas madali para sa kanya ang magbitiw ng pera kaysa maglaan ng oras, lalo sa isang hindi naman talaga kakilala. He was polite at hindi siya mapagmataas. But for him, time was precious, hindi dapat sinasayang sa pakikipagkuwentuhan. Hindi naman maso-solve ang mga problema kung nakaupo lang kayo at nag-uusap. Ang kailangan ay action.

Iyon ang paniniwala niya. Hindi niya mararating ang narating kung nagsayang siya ng oras noong kabataan niya.

So what the hell just happened there? tanong muli ni Lance sa sarili. To which he really had no answer. Maybe, he just wanted to help her—at mukhang deserving naman si Corinne. He felt that she needed somebody.

And should that somebody be you? he heard his own mind ask him. He didn't know.

But one thing he couldn't deny, he felt good just listening to her and giving her advice while having coffee and sharing a slice of cake. Yes, nakikain siya sa cake ni Corinne. He could have bought them separate slices, pero parang mas enjoy kung hati sila. The memory left him smiling the whole drive home.

Gusto niyang manghinayang at hindi niya naihatid pauwi ang babae. Pero sigurado siyang hindi iyon ang huli nilang pagkikita. He felt her desire for success. Lance knew it would just be a matter of time before she'd call him for help.



May dala-dalang grocery bag si Corinne habang naglalakad pauwi ng boarding house kasama ang kaibigang si Gina. Sa isang apartment malapit sa boarding house niya ito umuupa. Kaklase at kaibigan niya ito mula pa noong college. Pero hindi tulad niya, pinalad si Gina na makapasok

sa isang government office at naging regular doon pagkatapos ng dalawang taon. Ngayon ay masasabing malaki ang sinasahod nito kumpara sa ibang kaedaran nila at may libreng bigas pa itong natatanggap buwan-buwan.

“Tek, Mare!” Gina abruptly stopped walking as if may eureka moment ito. “Hindi ba may nakilala kang mayaman dati? N’ung nadukutan ka?”

Corinne remembered kung sino ang tinutukoy nito, si Lance. “O bakit?”

“Bakit hindi mo siya tawagan? Malay mo matulungan ka niya talaga. O kaya mag-apply ka sa kumpanya niya bilang assistant niya or staff or whatever! For sure, puwede ka d’un.”

Oo nga, ano? She totally forgot about Lance’s offer. Siguro naman kung irerekomenda siya ng lalaki, may tatanggap na sa kanya kahit sa mga business friends lang nito. Pagdating sa silid ay hinalungkat ni Corinne ang wallet, buti at naitago niya ang card nito.

Lance del Mundo, the business card said. Bakit nga ba hindi niya subukang tawagan ito? Nag-ring! Once, twice. Parang gustong pindutin ni Corinne ang end button. Pero pinigilan niya ang sarili. Her mind kept screaming “Don’t pick up, don’t pick up.” Kaya ganoon na lang ang kaba niya nang marinig ang pag-hello ng lalaki sa kabilang linya.

Gawa ng kaba ay hindi napansin ni Corinne ang malalim ngunit malamig na boses nito. “Ah, eh,

hello? Puwede po kay Mr. Lance del Mundo?”

“Yes?” She could sense that he was all business. Stiff. Serious. He even sounded older on the phone.

“Si Lance na po ito?” She bit her lip as soon as the words were out, feeling stupid.

“Yes, it’s Lance,” may langkap nang iritasyon na sagot nito. “And who are you?”

Napaka-straightforward naman nito magtanong! Lalo tuloy siyang kinabahan. “Ahm, it’s Corinne. Corinne Lacsina. ’Yung nakilala mo sa coffee shop, remember? Ibinigay mo sa akin ’yung card mo, sabi mo tawa—”

“Corinne!” he interrupted, as though suddenly recalling who she was.

She noted na tila biglang bumait ang tono ng kausap. She could actually picture him smiling and felt a sense of relief because of that.

“So, you finally called. Does this mean you’re interested in my offer?”

“Ah, oo, kailangan ko sana ng tulong mo.”

“Great! I’m actually in the middle of something right now. So, if you could meet me on Thursday, I’ll text you the time and place. All right?” mabilis na bilin nito, his voice a little authoritative as though hindi maaaring tumanggi si Corinne.

“Okay, thanks.” Iyon lang at pagkatapos ay naputol na ang linya. Hindi man lang ito nagpaalam. Totoo kayang makikipagkita ito sa kanya or was that his way of dismissing her para hindi na siya

makapagtanong pa?

But later that night, Corinne received a message from Lance. They were actually going to meet again!



Chapter Three



S aktong alas cuatro ng hapon ay naroon si Corinne sa coffee shop. Ngayon ang napagkasunduan nilang pagkikita ni Lance.

“It took you three weeks to call. I must say I’m impressed,” panimulang bati nito pag-upo niya sa couch kung saan sila unang nagkakuwentuhan. She insisted doon na lang sila magkita.

Mukhang naka-move on na si Corinne, sa tingin ni Lance. Mukha na uli itong confident at handang sumabak sa mundo. She was wearing a light yellow blouse na may maliliit na buttons sa shoulder as accent at skinny jeans. Naka-sandals lang din ito. Hindi rin nakaligtas sa paningin ni Lance na walang nail polish ngunit malinis ang mga kuko sa paa at kamay ng dalaga. Bagay na refreshing sa kanya dahil karamihan sa mga kilala niyang babae ay well-manicured at pedicured ang mga kuko.

“Bakit ka naman impressed?” Corinne asked while she seated herself comfortably across him, trying to look as confident as possible. She could see na nag-order na ito para sa kanya. May cake din for her. Americano uli ang inumin nito. Hindi kaya ito nagpa-palpitante sa tapang ng kape nito? She moved her gaze from the table to his face nang magsalita

ang lalaki.

Hindi niya napansing may hitsura pala si Lance! Not what she would consider guwapo dahil ang taste niya ay mga boy-next-door type, pero *papa-ble* ito. His features belonged to that of a man, iyong tipong puwede mo talagang sandalan. Pero iyong tipo rin na super seryoso, walang oras na sinasayang. Sa iba siguro, yummy at makalaglag-panga ang hitsura nito pero never nag-appeal sa kanya ang ganoong tipo. Pero kahit hindi niya aminin, she actually enjoyed talking with him.

“Well, for one, ibig sabihin n’un nakagawa ka ng paraan to cover for your expenses for the past three weeks, which means may diskarte ka sa buhay, or nai-stretch mo nang ganoon katagal ’yung isang libong ipinahiram ko sa ’yo. In that case, super matipid ka at magaling humawak ng pera.”

“Wow! Ako yata ang dapat ma-impress. Nakagawa ka agad ng inferences about my personality dahil lang sa three weeks bago kita tinawagan.”

“One thing you should know about me is I am very good with people, Corinne. At isa iyon sa mga ituturo ko sa ’yo. You cannot succeed in business, or even in life, if you do not have people skills. Your biggest investment should be in people.”

“Mukhang magiging interesting ang mga lessons natin. Care to enlighten me, pag sinabi mong lessons, what do you exactly mean? Ano’ng mga

ituturo mo sa akin?”

“It’s not like I have a lesson plan for this, you know. Saka first time kong gagawin ito.”

“Gan’un? So how do we know na tama ang ginagawa mo?”

“If you succeed, then it will be safe to assume tama ang ginawa ko. If not, then we’ll continue with your lessons until you succeed.”

Natawa si Corinne sa sagot nito. “Wow, never say die. Why am I not surprised? Pero, Lance, ang ihihingi ko sana ng tulong ay trabaho. Like, if you can recommend me to your friends or baka may opening sa company mo, gan’un.”

“I see. So, you’re asking if puwede kitang ipasok sa trabaho.”

“Oo sana. Kung hindi kalabisan.”

“I don’t normally do that, Corinne. Hindi ko gusto ’yung backer system, pero sige, I’ll see what I can do. Email me your CV.”

It was all Corinne needed to hear. Abot-tainga yata ang ngiti niya dahil doon. Mas na-excite pa siya sa magiging trabaho niya kaysa sa mga lessons nila na sinasabi ni Lance. To her, a career equals success.

Bagay na hindi nakaligtas kay Lance. Lalo tuloy niyang naisip na kailangan nga ng babae ang tulong niya. Pagkatapos ay kung saan-saan na napunta ang usapan nila. Sa halip na mag-lessons ay nagkuwentuhan lang sila tungkol sa ginawa ni Corinne para maka-survive nang nakaraan tatlong

linggo.

“Binenta ko ’yung *iPhone* ko,” kuwento ng dalaga, may konting panghihinayang sa tinig.

“I’m relieved to hear that. Medyo na-disappoint nga ako the first time I saw your phone.”

“Bakit naman? Alam ko mamahalin gamit mo, pero pinaghirapan ko iyon, ’no! Ang mahal kaya ng bili ko d’un.”

“I mean, bakit *iPhone* ang gamit mo? Buti nga hindi iyon nasama sa nadukot sa ’yo. It probably took you a lot of sacrifice para makabili ng *iPhone*, tipid sa pagkain, tipid sa pamasaha. Para sa ano? Para may masabing may *iPhone* ka?”

Corinne bit her lip. Saktong-sakto ang tinuran ni Lance. At wala siyang balak ikuwento kung ilang merienda ang hindi niya kinain at ilang tricycle ang hindi niya sinakyan para makapagtabi ng pera.

“Gusto ko lang naman na masabing may pag-aari ako, Lance. Por que ba kapos, wala na ba akong karapatan maghangad at magkaroon ng magandang gamit?”

Nang makita ni Lance na bahagyang lumungkot ang aura ng dalaga ay gusto niyang pagalitan ang sarili. Mukhang harsh yata ang paraan ng pagkakasabi niya.

“Hey, sorry. Hindi ko gustong ma-offend o mainsulto ka. What I meant was you should not be buying things na hindi mo kailangan at hindi mo afford. You should learn how to live below your

means.”

“Below my means? Di ba dapat na within my means?”

“If you live within your means, ano pa ang matitira sa 'yo for savings, emergency, investment?”

Hindi makahanap ng sagot si Corinne kaya nagkibit-balikat na lang siya. Pagkatapos ay dumukot sa bulsa si Lance, kinuha ang cell phone at inilahad kay Corinne.

“See? This is my unit. Mas mahal pa 'yung *iPhone* mo diyan. And I've been using it for two years now. Hindi ako mahilig sa gadget, basic features lang naman ang kailangan ko, halos tawag at text lang ang silbi ng cell phone sa akin. My point is mas marami ka sanang puwedeng nagawa sa perang ipinambili mo n'ung *iPhone* mo.”

“Like what? Buti nga nakabili ako n'un, o di nabenta ko ngayon, may pera tuloy ako,” katuwiran niya. She felt attached to her phone at masakit sa kanyang ibenta iyon dahil nga gipit na gipit na siya. It was not just a gadget, it somehow represented her hope for a better and brighter future. Bagay na baka hindi maintindihan ng lalaki.

“Ang maganda, you know how to save. We can begin with that and I can teach you how to grow your money. Invest—” Natigilan si Lance nang mapansing nalukot ang mukha ni Corinne. “Bakit?”

“Di ba pangmayaman lang iyon? Wala nga akong pera, paano ako makaka-invest?”

“That’s what I’m here for. First, I’ll teach you how to make money. Then, save. Finally, invest. Before long, you’ll realize your money is growing.”

“That is kung may trabaho na ako. Ang hirap maghanap ng trabaho. Ayoko namang mag-call center at hindi ko kaya ang graveyard.”

“Nakasarado agad ang isip mo. Did I suggest a call center job? Although, walang masama d’un. Sinabi ko bang trabaho lang ang paraan para magkapera ka? Wala pa man, negative ka na agad. Maybe, you should broaden your perspective.”

Bahagyang kinabahan si Corinne nang mapansin ang bahagyang iritasyon sa tinig ni Lance. “Okay, sorry, nagko-comment lang po. Go ahead, makikinig na po ako.”

“Let me clarify what we’re doing, Corinne. I am a very busy man. I don’t really have time for this. In fact, hindi ko alam what came over me at nag-alok ako ng tulong. Maybe, it is my way of giving back. Maybe, I just felt you need serious help and I can give that to you. But I need you to want my help. I need you to really want this for yourself. Kung trabaho lang ang kailangan mo, puwede kong ibigay sa ’yo iyon. Pero pagkatapos n’un, ano? Iikot lang din sa suweldo at gastos ang buhay mo. Hindi ka makakalayo. Would you want that? Hindi trabaho ang solusyon, you have to understand that. Kung gusto mong makaangat sa buhay, kailangan mong baguhin ang sarili mo. Hindi magiging madali.

Success comes with a price. It won't be handed to you on a silver platter. So tell me, are you willing to pay the price?"

Dumaan ang mahabang katahimikan sa pagitan nila. Corinne's mind was occupied, processing what Lance told her. It all seemed heavy and complex. Nakakatakot din. Ano ba ang pinasok niya? Trabaho lang naman ang hanap niya. Anong price kaya ang tinutukoy nito? Pero alin ba ang mas gusto niya? Bayaran ang price na sinasabi ni Lance kapalit ang pagkakataong maging maalwan ang buhay niya o magpatuloy na lang sa kanyang normal na buhay at hintayin ang kanyang big break?

"Lance, hindi ko masyadong ma-grasp 'yung sinasabi mo. Gusto kong matutunan 'yung ituturo mo sa akin pero okay lang ba kung dahan-dahan muna tayo? Parang sobrang extreme kasi n'ung sinasabi mo sa nakasanayan ko."

"Brace yourself, Corinne. Malayo talaga at marami tayong babaguhin sa mga nakasanayan at alam mo na. It'll be hard and uncomfortable, but it will all be worth it."

"Ahm, okay. Palagay ko naman kakayanin ko," sinsero niyang saad.

Iyon lang at gumuhit na ang isang ngiti sa mga labi ni Lance. He seemed genuinely happy with her decision. Nahawa si Corinne at napangiti na rin.

"Okay then. We'll start your lessons once you finish your cake. And we better start with your

mindset.”



Sa isang bookstore sila nagtungo pagkatapos. At kung anu-anong libro ang kinuha ni Lance para sa kanya. Pinapili siya kung alin ang gusto niyang unahin sa mga iyon ngunit sa huli ay si Lance rin ang nasunod. Pitong libro ang agad binili nito. May tungkol sa financial literacy, positive thinking, at dreaming big. Mahilig siyang magbasa kaya walang problema ang parteng iyon ng lessons nila. Iyon nga lang ay halos love stories at mga textbooks niya noong college ang extent ng kanyang literature. Itong mga pinamili raw nila ang mas makakatulong sa kanya para mas ma-appreciate ni Corinne ang mga lessons nila. Para raw lumawig ang pag-iisip niya at mga pangarap.

“You’re an intelligent lady, Corinne, I don’t doubt that. But that is not enough. Marami diyan matatalino, top sa school, top sa board exam, pero hindi mo masasabing yumaman. Umasenso siguro, puwede, but not financially free. Kaya ikaw, you need to be smart, sa buhay at sa pera. Kailangang madiskarte, kailangang may vision. And your vision needs to be big, bigger than you. Otherwise, hindi ka makakalayo. Iikot ang buhay mo sa kinsenas-katapusan.”

Iyon ang isa sa mga litanya kanina ni Lance habang naghahanap sila ng mga libro. Ngayon lang siya nakakilala ng ganoong lalaki. Ngayon lang siya

nagkaroon ng ganitong klaseng kausap, iyong hindi chismis o mga reklamo sa buhay ang kanilang topic, kundi pagsulong, pag-asenso. And Corinne must admit Lance made a lot of sense. She was beginning to feel blessed na nakilala niya ang lalaki. Ni hindi itinuro sa unibersidad ang mga natututunan niya ngayon mula sa kasama.

“I expect you to read all these this month. Pero unahin mo yung tungkol sa transforming your mindset,” bilin ni Lance habang naglalakad na sila pabalik sa kotse nito. “Next week, I’ll set aside two hours so we can meet and discuss what you’ve learned.”

“Wow, may quiz ba?” birong tanong ni Corinne.

“Puwede rin, why not?” natatawang tugon ni Lance. Pagkatapos ay ipinagbukas ng pinto ang dalaga. Awtomatikong nag-seatbelt si Lance pagkaupo nito sa driver’s seat at iminuwestra kay Corinne na gayon din ang gawin.

“Lance, bakit mo nga pala naisipang turuan ako? Sabi mo never mo pang nagawa ’yung ganito?”

“As I’ve told you earlier, di ko rin alam. For a change maybe. Let’s just say this is our project. My goal is to help you, teach you, while your goal is to learn. Di ba magandang project iyon?”

Corinne murmured her agreement. Bakit siya magrereklamo samantalang siya ang malaki ang pakinabang sa project na iyon? Pero may tanong siya.

“At ano naman ang kapalit ng mga lessons ko?”

“Di ko pa alam, pero don’t worry, hindi kita sisingilin nang mahal. In fact, hindi pera ang bayad sa pagtuturo ko.”

Kinabahan si Corinne. *Is this the part when the male asks his female prey for her body and virtue as payment?* Kaya ba niyang ibayad ang ganoon kamahal para sa pangarap na yumaman?

Naputol ang pag-iisip ni Corinne nang marinig ang malutong na tawa ni Lance. Naguguluhang tinanong niya ito.

“Ano’ng nakakatawa?”

“Ikaw. Para kang nanonood ng horror film. Distorted kaya ’yang mukha mo. I think I know what you’re thinking. Don’t worry, hindi ko hihingin ang katawan mo bilang kabayaran. Petite girls are not really my type. Pero siyempre kung iyon ang iaalok mo, I might reconsider.” At muling pumailanlang ang malutong na tawa nito.

Naningkit ang mga mata ni Corinne sa halong pagkapahiya at pagkapikon. Hantaran lang namang ipinamukha sa kanya ni Lance na hindi siya type nito. Sabagay, maliit talaga siya, nasa 5’2” lang ang taas niya samantalang tantya niya ay 5’11” ang height nito. Isa pa, kumpara malamang sa mga babaeng dini-date nito, masyadong plain at probinsyana ang dating niya. Pero matalino siya!

“Sh*t! Ang yabang mo!” aniya sabay hampas dito. Balikat ni Lance ang nahagip niya pero tila

siya ang mas nasaktan. Firm ang muscles nito roon, halatang alaga sa workout.

Natatawa pa rin ito nang sinaway siya. “Hey, huwag malikot, baka mabangga tayo. And drop the S-word, okay? Hindi ladylike. It makes you sound cheap. Isa pa, kung gusto mong maging mayaman, you should start acting and speaking like one. Konting finesse.”

Napahiya na naman si Corinne sa tinuran ng lalaki. Bakit ba parang tatay ito kung minsan? Pero kahit hindi niya aminin, she liked the feeling na tinuturuan at itinatama siya ni Lance.

“Okay, so hindi puri at katawan ang bayad. At least malinaw, ’no? Hindi rin pera. Ano, then, ang bayad?”

“You worry too much, Corinne. Huwag mo munang isipin iyon ngayon. Focus your energy on learning. Pag marunong ka na, saka natin pag-usapan kung ano’ng kapalit. Let’s just say, I will help you get to your dreams and you will simply owe me a favor.”

“Sounds too good to be true pa rin,” duda niyang sagot.

“I suggest pag-isipan mo muna what it is you really want. How bad do you want this? To what extent are you willing to go for your dreams? Kaya mo bang tanggapin ang uncertainties kapalit ng pangarap mo? All I want you to keep in mind is that the journey won’t be easy, and the price may be

high, but it will all be worth it.”

Sumandal si Corinne, weighing his words. Was she really ready to learn? Hindi na rin muling nagsalita si Lance. Ganoon din siya, maliban na lang pag bibigyan ang lalaki ng directions pauwi sa inuupahan niya.

“Okay, we’re here. Kung may alinlangan ka pa, pag-isipan mo muna. Let me know when you’re ready to change your life, Corinne,” payo ni Lance pagkahinto nila sa tapat ng gate ng kanyang boarding house.

Nakababa na siya at akmang itutulak pasara ang pinto ng sasakyan nang muli niyang sulyapan si Lance. *Life is giving me a once in a lifetime opportunity, how can I say no?*

“Lance, I want my dreams. I’ll do it!” seryosong deklara ni Corinne. And before she closed the car door, she saw Lance smile.

“Now that’s my girl!” He looked and sounded genuinely happy with her decision.

My girl daw? Bakit na-pick up iyon ng brain cells niya at parang gustong i-process nang may malisya? Ipinilig ng dalaga ang ulo. Pinigilan niya ang sariling mag-isip ng kung anu-ano.

Bahala na sa hihingin nitong pabor sa kanya balang-araw. Ang importante, may mentor siya na magtuturo kung paano siya aasenso. Lance may just be her ticket to freedom! Cheers to success!